__________,2006

Para sa Minister of Justice (buwan/petsa/taon)

# Sulat Paghiling na baguhin ang Japan Nationality Law

Tuluyang dumadami ang mga batang isinilang ng mga dayuhang ina at amang Hapon. Marami sa mga bata na kahit kinilala o mayroon '*Ninchi'* ng amang Hapon ay hindi nabibigyan ng Japanese nationality dahil hindi kasal ang mga magulang sanhi ng iba't ibang kadahilanan.

Ang pagkakaloob ng Japanese nationality ay isa sa mga matingkad na issue na kinakaharap ng mga bata na naka-depende kung ang mga magulang ay kasal o hindi. Halimbawa, ang mga batang isinilang ng dayuhang ina at amang Hapon na hindi kasal, kapag nai-'*Taiji Ninchi'* (pagrehistro ng amang Hapon bago isilang ang bata) ay makakakuha ng Japanese nationality. Subalit ang mga nabigyan ng '*Ninchi*'o kinilala ng amang Hapon pagkatapos isilang ay hindi maaaring makakuha ng Japanese nationality. Sa kabilang banda, ang mga di-lehitimong anak ng mga Haponesa ay nabibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sanhi ng kanilang relasyon bilang mag-ina sang-ayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law. Subalit ang mga di-lehitimong anak ng mga amang Hapon sa dayuhang ina ay hindi makakakuha ng Japanese nationality kahit ito ay kinikilala ng kanyang amang Hapon pagkatapos isilang ang bata dahil hindi raw ito naaayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law at maging sa Artikulo 3 ng Japan Nationality Law.

Subalit kahit na '*Ninchi*' na ibinigay ng amang Hapon pagkatapos isilang ang bata, kung ikinasal na ang mga magulang, ay maaaring mabigyan ang bata ng Japanese nationality sa pamamagitan ng pagpapatala. Sa ngayon ay hindi na mapigilan ang pagdami ng bilang ng international marriage dahil sa globalisasyon at nagiiba na rin ang pagtingin at relasyon bilang pamilya. Kasabay nito ang pagdami ng mga bi-cultural na mag-asawang hindi kasal na nagkakaroon ng anak. Lalo na't hindi maaaring baguhin ng mga bata ang kaisipan ng magulang 'kung magpakasal o hindi" ang magkahiwalay na magulang para makuha ang minimithing Japanese Nationality.

Noong ika-12 ng Abril, 2005, siyam na Japanese-Filipino Children kasama ang kanilang mga ina ay naghain ng apila sa Pandistritong Hukuman ng Tokyo para baguhin ang paraan ng pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon. At noong ika-29 ng Marso, 2006 ay nabigyang hatol na labag sa Artikulong 14 (1) sa Konstitusyon na may patakarang kinakailangang kasal ng mga magulang sa Artikulong 3 ng Nationality Law, at tinanggap din na Japanese nationality Law sa pagbibigay ng hatol noong ika-22 ng Nobyembre, 2002.

Noong ika-13 ng Abril, 2005, ito ay unang hatol na labag sa Konstitusyon ang kinakailangang kasal sa Pandistritong Hukman sa Tokyo.

Katulad nito, maraming nagtatanong sa judicial sphere ukol sa katwiran ng Artikulong 3 ng Nationality Law.

## Bagay ng Pagsamo

1. Hinihiling po naming na baguhin na ang Japan Nationality Law upang makakuna nang pantay ang lahat na batang kinilala o binigyan ng '*Ninchi'* ng amang Hapon.

| Pangalan | Tirahan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

[Mga uamaapela]Lawyer's Association for Confirmation of Japanese Nationality
Lawyer's Association for Japanese-Filipino Children
Citizen's Network for Japanese-Filipino Children (JFC Network)
KAFIN (Kalipunan ng mga Filipinong nagkakaisa)
Center for Japanese-Filipino Families (CJFF)
[Papadalhan] JFC Network: Tokyo, Chiyoda –ku Kudan-Minami 4-8-34 HK Bldg. 303, 102-0074

**Pangalawang Deadline: ika-30 ng Hulyo, 2006**